SEVEN OAKS SCHOOL DIVISION
community begins here

SEVEN OAKS SCHOOL DIVISION

830 Powers Street
Winnipeg, MB R2V 4E7

Ph. (204) 586-8061 Fax: (204) 589-2504

Mga minamahal naming pamilya ng paaralan ng Seven Oaks School Division,

Ang sistema ng pampublikong edukasyon sa lalawigan ng Manitoba ay sinusuri at hinihingi ang opinyon ng publiko.

Nais po naming hikayatin ang mga pamilya ng Seven Oaks School Division na ibahagi ang kanilang mga kaisipan at opinyon tungkol sa pampublikong edukasyon sa Manitoba at Seven Oaks School Division.

Kung inyo pong pinahahalagahan ang pang-edukasyon na karanasan ng iyong anak sa Seven Oaks School Division, mangyari po lamang na maglaan ng panahon upang maiparinig ang inyong tinig. Ito po ay mahalaga.

Ang maikling palugit para sa pagkolekta ng pampublikong opinyon ay sa ika-30 ng Mayo!

Paano po natin maibabahagi ang ating mga saloobin?

Punan lamang po ang pampublikong pagsisiyasat.

Narito po ang link.
https://forms.gov.mb.ca/education-review-public/

Kung kailangan po ninyo ng tulong sa pagtugon sa pagsisiyasat sa wikang Punjabi o Tagalog, maaari po naming ibigay ang suporta sa paaralan. Sumadya lamang po sa opisina upang kayo ay aming matulungan.

Maaari din po kayong dumalo sa mga darating na pampublikong pagtitipon sa Winnipeg upang makilahok sa mga talakayan.

Ika-15 ng Mayo, 2019 - 6:00 hanggang 8:30 ng gabi sa Caboto Center, 1055 Wilkes Avenue, Winnipeg
Ika-25, 2019 - 9:00 hanggang 11:30 ng umaga sa R.B. Russell Vocational School, 364 Dufferin Ave, Winnipeg

Maaari rin po kayong magsumite sa pamamagitan ng sulat:
:
Maaari po kayong magsumite sa pamamagitan ng sulat sa Komisyon hanggang sa ika-30 ng Mayo, 2019. Maaari nyo po itong gawin gamit ang inyong unang wika kung kinakailangan.

• Ilagay lamang po ang iyong pangalan at impormasyon kung saan kayo maaaring kontakin.

Magsumite sa:

Email: K12educationcommission@gov.mb.ca
Fax: 204-945-0221
Manitoba's Commission on Kindergarten to Grade 12 Education
470 - 800 Portage Avenue
Winnipeg, MB R3G 0N4

Mangyaring lamang po na isaalang-alang ang paglalaan ng oras upang marinig ang iyong tinig bago maisagawang ang mga mahahalagang desisyon ukol sa K-12 na Pampublikong Edukasyon sa Manitoba.